JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay ug Malimpyo
JUNE
Maabtik ug Masunod sa Insaktong Oras
JULY
Maantigo ug Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 6

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan - Modyul 8

### Mga Programang Ipinatupad ng Administrasyong Gloria M. Arroyo, Benigno Simeon C. Aquino III at Rodrigo R. Duterte sa Pagtugon sa Mga Suliranin at Hamong Kinaharap ng mga Pilipino



Name of Learner: ______________________

Grade & Section: ______________________

Name of School: ______________________

**Araling Panlipunan – Ikaanim na Baitang**
**Unang Markahan – Modyul 8: Mga Programang Ipinatupad ng Administrasyong Gloria M. Arroyo, Benigno Simeon C. Aquino III at Rodrigo R. Duterte sa Pagtugon sa Mga Suliranin at Hamong Kinaharap ng mga Pilipino**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Crispina P. Pairat | |
| **Editor:** | Mimie M. Opo | |
| **Tagasuri:** | Vilma C. Velasco, Mimie M. Opo | |
| **Tagalapat:** | Wilvin H. Inding | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan Jr. | -Schools Division Superintendent |
| | Lourma I. Poculan | -Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065) 212-6986
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



# Alamin

Sa modyul na ito ay naglalayong natatalakay ang mga programang ipinatupad ng ibat' ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1986 hanggang kasalukuyan.

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- Natutukoy ang mga programang ipinatupad nina Pangulong Gloria M. Arroyo, Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III at Pangulong Rodrigo R. Duterte sa pamamahala ng ating bansa.



# Balikan

**Gawain 1. SINO AKO?**

**Panuto:** Tukuyin ang mga pangulong nagpatupad ng mga programa sa panahon ng kanilang pamamahala. Isulat ang sagot sa patlang.

Ako ang nagpatupad ng bagong probisyon ng *Comprehensive Agrarian Reform Program*. Sino ako?

Ako ay si _____.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Z | N | O | O | C | R | A | | Q | A | N | O | I | U |

1.______________________________

Ako ang nagpatupad ng *National Anti – Poverty Commission "Erap para sa Mahirap"*. Sino ako?

Ako ay si _____.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | H | O | J | S | E | | D | A | S | E | A | T | R |

2.______________________________

Ako ang naglunsad ng programang *Philippines 2000* upang maging *Newly Industrialized Country* ang bansa. Sino ako?

Ako ay si ____.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| L | I | F | D | E | | M | R | A | S | O |

3.______________________________

| Aralin 8 | Mga Programang Ipinatupad ng Administrasyong Gloria M. Arroyo, Benigno Simeon C. Aquino III, at Rodrigo R. Duterte sa Pagtugon sa Mga Suliranin at Hamong Kinaharap ng mga Pilipino |
|---|---|



# *Tuklasin*

**Gawain 2: PROGRAMA IKAMO?**
**Panuto:** Piliin sa mga hanay ng salita sa ibaba ang angkop na programang ginawa ng bawat pangulo. Isulat ito sa kahon sa ilalim ng bawat larawan.

| | |
|---|---|
| *Pantawid Pamilyang Pilipino Program* | *Moral Recovery Program* |
| *Build, Build, Build Program* | *Kapit-Bisig Laban sa Kahirapan* |






____________________ ____________________ ____________________

**Pamprosesong Tanong:**

1. Sino-sino ang mga pangulong nasa larawan?
2. Sa iyong palagay, paano nakatutulong ang mga programa nila upang mabigyang solusyon ang mga suliranin ng ating bansa?



# *Suriin*

**Gawain 3: MAGBASA AT MATUTO**

Ang pamahalaan ay nagpatupad ng iba't ibang programa upang maitaguyod ang pambansang adhikain sa pag-unlad ng bansa. Nagkaroon

ng pagbabago sa lipunan dahil sa mga programang ipinatupad ng mga pangulo sa Pilipinas mula 1986 hanggang sa kasalukuyan.

Narito ang mga programa at patakaran nina Pangulong Gloria M. Arroyo, Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III at Pangulong Rodrigo R. Duterte upang matugunan ang mga hamon ng pagkabansa tungo sa hangaring makamit ang kaunlaran.

## PANGULONG GLORIA MACAPAGAL ARROYO
**(Enero 2001-Hunyo 2010)**

- Pagtatangkang sugpuin ang korupsiyon sa tulong ng EPS o *Electronic Procurement System* na naging dahilan ng higit na maayos at modernisadong pagkuha ng mga serbisyo para sa pamahalaan
- Pag-atas sa *Presidential Anti-Graft Commission* upang magsagawa ng *lifestyle check* sa mga opsiyal ng pamahalaan
- Pagpapatupad ng *Republic Act 8435* o ng *Agriculture and Fisheries Modernization Act of 1997 o AFMA*
- Pagpapatupad ng Kalahi Program o Kapit-Bisig Laban sa Kahirapan upang malabanan ang kahirapan ng bansa
- Pagpapatupad ng SEA-K Program o *Self-Employment Assistance-Kaunlaran* upang matulungan ang mga mahihirap na Pilipino
- Pagsusulong ng Pambansang *SME Development Program.* Maraming maliliit na negosyo ang nasimulan at napondohan
- Pagpapatupad ng *Strong Republic Nautical Highway* (SRNH) na naging dahilan upang mabawasan ang gastusin sa transportasyon mula Mindanao hanggang Luzon
- Pagkakaroon ng Gloria Labandera Rolling Stores na naglalayong mabigyan ng pagkakataon ang mahihirap na makabili ng pagkain at gamot sa mas mababang halaga
- Pagpapatibay ng batas hingil sa *Anti-Money Laundering Act* at E-VAT
- Umabot sa 4.5% ang *average economic growth* ng bansa, napabilang ang Pilipinas sa mga kakaunting ekonomiya sa timog-silangang Asya na hindi nagbago ang takbo sa kabila ng naganap na *global financial crisis* noong 2008
- *Anti Poverty Strategy* - ito ay ang programang nagsilbing daan upang masugpo ang kahirapan sa bansa
- 

## PANGULONG BENIGNO SIMEON COJUANGCO AQUINO III
**(Hunyo 2010- Hunyo 2016)**

- Pagpatupad sa Kagawaran ng Edukasyon ng *Basic Education Curriculum* upang higit na mapataas ang kalidad ng edukasyon sa bansa at pagbibigay-diin sa paggamit ng wikang Ingles sa lahat ng paaralan upang maging *globally competitive* ang mga Pilipino
- Pagtatag ng *Botika ng Barangay* (BnB) para abo’t kaya ang pagbili ng mga gamot
- Pagsasagawa ng *Expanded Program on Immunization* (EPI)

- Paglulunsad ng *Alaga ka Para sa Maayos na Buhay* (ALAGA KA)
- Pagpapalawak ng Saklaw ng mga Programang Pangkalusugan ng *Philippine Health Insurance Corporation* (PhilHealth)
- Paglunsad ng K to 12 Program. Nilagdaan ng pangulo ang Republic Act No. 10533 o *Enhanced Basic Education Act of 2013* na dagdagan ng dalawa pang taon ang pag-aaral ng mga batang Pilipino sa ilalim ng *basic education*
- Pagbibigay ng iskolarsip sa mahihirap ngunit matatalinong mag-aaral na makapag-aral sa kolehiyo. Sa ilalim ng Republic Act No. 10648 o *Iskolar ng Bayan Act of 2014* ay itinadhana ng pamahalaan na ang sampung mangungunang mag-aaral na magtatapos sa bawat pampublikong paaralan ng bansa ay makapag-aral ng libre sa kolehiyo
- Paglulunsad ng *Abot-Alam Program.* Layunin nito ang turuan at gawing produktibo ang kabataang may gulang na 15 – 30 na hindi nag-aaral o *out-of-school-youth (OSY*) sa tulong ng programang *Alternative Learning System (ALS)*
- Pagpapatupad ng *Republic Act No. 10612* o *Fast-tracked S&T Scholarship Act of 2013*
- Pagpapatupad ng *4Ps o Pantawid Pamilyang Pilipino Program*
- Pagpapabuti ng *Kariton Klasrum* o K4 (Kariton, Klasrum, Klinik, Kantin)
- Paglulunsad ng Programang *Run After Tax Evaders* (RATE)
- Paglikha ng Republic Act No. 6713 o mas kilala sa tawag na *Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees*
- Matuwid Na Daan- isa sa mga tumatak na programa ng pangulo
- Electric Power Industry Reform Act 2011
- Pagsulong ng Reproductive Health Bill (RH Bill)

## PANGULONG RODRIGO ROA DUTERTE
**(Hunyo 30, 2016 hanggang sa Kasalukuyan)**


- Paglulunsad ng Kampanya Kontra-Droga
- Paglulunsad ng *Philippine Development Plan* (PDP) *at Build, Build, Build Program* (pagpapatayo ng malalaking imprastruktura para umunlad ang ekonomiya ng bansa)
- Pagpapatupad ng *Train Law o Tax Reform for Acceleration and Inclusion Law.* Ang batas na ito ay nagpababa sa *personal income tax* ng mga empleyado
- Pagbibigay ng Libreng Tuition Fee sa Kolehiyo sa bisa ng RA 10931 o *Universal Access to Quality Tertiary Education Act*
- Pagbabawal sa *Hospital Deposit* o maagang pagbabayad ng mga pasyente upang makakuha ng kuwarto sa ospital
- Pagpapalawig ng bisa ng pasaporte sa sampung taon sa bisa ng RA 10928
- Pagpapahaba ng *validity* ng *driver's license* sa limang taon sa bisa ng RA 10930
- Pagpapatibay ng mabuting relasyon ng Pilipinas sa iba't ibang bansa
- Pagkakaroon ng *Independent Foreign Policy*, naging malapit at nakipag-ugnayan sa China at Russia



# Pagyamanin

**Gawain 4: GRAPHIC ORGANIZER**

**Panuto:** Kumpletuhin ang graphic organizer. Punan ang kahong nakalaan ng mga programang ipinatupad ng bawat pangulo.




**Pamprosesong tanong:**

1. Sang-ayon ka ba sa mga programang ipinatupad ng pamahalaan lalo na sa kasalukuyang administrasyon upang mapaunlad ang bansa sa kalagitnaan ng pandemya? Ipaliwanag ang iyong sagot.
2. Paano ito makatutulong sa ating bansa maging sa isang batang mag-aaral na gaya mo?



# Gawain

**Gawain 5: TAMA O MALI?**

**Panuto**: Suriin ang mga nakatalang pahayag. Isulat ang **TAMA** sa patlang kung ang isinasaad ng pahayag ay wasto at **MALI** naman kung hindi.

_____1. Si Gloria M. Arroyo ang nagpatupad ng Republic Act 8435 o ng Agriculture and Fisheries Modernization Act of 1997 o AFMA.

_____2. Layunin ng Moral Recovery Program ni Pangulong Duterte na muling buhayin sa puso ng mga Pilipino ang kanilang dignidad at tiwala sa sarili upang makatulong sa pagpapaunlad ng ating lipunan.

_____3. Itinuring na mas magaling ang isang pangulo kung siya ay nakapagpatupad ng maraming programa kaysa sa mga pangulong nakapagpatupad lamang ng kaunting programa.

_____ 4. Nagtatag ng Botika ng Barangay (BnB) sa panahon ng administrasyon ni pangulong Benigno Simeon Aquino III.

_____5. Naging matagumpay ang lahat ng patakaran at programang ipinatupad ng mga pangulo ng bansa kaya naging maunlad ang Pilipinas.



# *Isaisip*

**Gawain 6: PAKI-BUO NGA!**

**Panuto:** Tukuyin ang mga programa ng bawat pangulo sa pamamagitan ng pagpuno sa mga nawawalang salita o mga salita. Isulat ang titik **G** sa kahon kung ito ay napatupad sa panahon ni Pangulong Gloria Arroyo, **B** kung sa panahon ni Pangulong Benigno Simeon Aquino III at **R** kung sa panahon ni Pangulong Rodrigo Duterte.

☐ 1. Pagpapatupad ng Self-Employment Assistance- ___________

☐ 2. Kampanya Kontra-___________

☐ 3. Kalahi Program o Kapit-Bisig Laban sa ___________

☐ 4. Paglulunsad ng Philippine ___________ Plan

☐ 5. K to ___________ Program

☐ 6. Anti-___________Strategy

☐ 7. Programang Run After ___________ Evaders (RATE)

☐ 8. Libreng ___________ ___________ sa Kolehiyo sa bisa ng RA 10931

☐ 9. Strong Republic Nautical ___________ o SRNH

☐ 10.K4 o Kariton, Klasrum, Klinik ___________



# *Tayahin*

**Panuto**: Basahing mabuti ang mga tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino sa mga sumusunod na pangulo ang tumutok sa *imprastructure project* na "*Build Build, Build*"?
   A. Joseph E. Estrada  C. Gloria M. Arroyo
   B. Benigno Simeon C. Aquino III  D. Rodrigo R. Duterte
2. Ang pangkalahatang paglapit sa mga paraan at impormasyon sa pagkontrol ng panganganak at pangangalagang pang-ina ay layunin ng pagsasagawa ng *Expanded Program on Immunization* ni pangulong _____.
   A. Rodrigo R. Duterte  C. Fidel V. Ramos
   B. Gloria M. Arroyo  D. Benigno Simeon C. Aquino III
3. Ang *"Ang Matuwid Na Daan"* ay isa sa mga programang ipinatupad ni pangulong _________.
   A. Gloria M. Arroyo  C. Fidel V. Ramos
   B. Benigno Simeon C. Aquino III  D. Rodrigo R. Duterte
4. Anong programa ni Pangulong Duterte na may layunin na masugpo ang ilegal na droga?
   A. Civil War  C. War On Drugs
   B. War Against Terrorist  D. Third World War

5. Ang pangulong nagpatupad ng Gloria Labandera Rolling Stores ay si _____.
   A. Gloria M. Arroyo C. Fidel V. Ramos
   B. Benigno Simeon C. Aquino III D. Rodrigo R. Duterte
6. Sino ang pangulong nagbabawal sa *Hospital Deposit* na nakasaad sa R.A. 10932?
   A. Benigno Simeon C. Aquino III C. Corazon C. Aquino
   B. Rodrigo R. Duterte D. Gloria M. Arroyo
7. Ano ang programa ni Pangulong Benigno Simeon Aquino III na isang reporma sa edukasyon na nagdagdag ng dalawang taon sa *Basic Education Program?*
   A. K-12 Curriculum C. Reproductive Health Bill
   B. 4Ps D. Tax Reform
8. Alin sa sumusunod na pangulo ang nagpatupad ng *"Pantawid Pamilyang Pilipino Program"* kung saan ay binibigyan ng subsidiya ang mga mahihirap na pamilya buwan-buwan?
   A. Gloria M. Arroyo C. Corazon C. Aquino
   B. Rodrigo R. Duterte D. Benigno Simeon C. Aquino III
9. Ang batas RA 10931 o *Universal Access to Quality Tertiary Education Act* ay nagbibigay ng libreng *tuition fee* sa mga mag-aaral sa ______.
   A. Kindergarten C. Elementarya
   B. Sekondarya D. Kolehiyo
10. Sinong pangulo ang nagkaroon ng *"Independent Foreign Policy"* sa kanyang administrasyon?
   A. Benigno Simeon C. Aquino III C. Corazon C. Aquino
   B. Rodrigo R. Duterte D. Gloria M. Arroyo



# *Karagdagang Gawain*

**Gawain 7: ISULAT MO!**

**Panuto:** Pumili ng isa sa mga pangulo ng Pilipinas mula sa tinalakay ng modyul. Pagkatapos ay sumulat ng maikling sanaysay tungkol sa programang ipinatupad na nakapag- ambag nang malaki sa pag-unlad ng ating bansa.

**Rubrik sa Pagmamarka ng Pagsulat ng Sanaysay**

| | |
|---|---|
| Wasto at makabuluhan ang nilalaman | 2 |
| Sapat ang mga niibigay na detalye | 2 |
| Maayos ang daloy at organisasyon, wasto ang gramatika at mga bantas | 1 |
| **Kabuuang Puntos** | **5** |

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

Sino Ako?

1. Corazon Aquino
2. Joseph Estrada
3. Fidel Ramos

**Tuklasin**

Programa Ikamo?

1. Kapit-Bisig Laban Sa Kahirapan
2. Pantawid Pamilyang Pilipino Program
3. Build, Build, Build Program

**Pagyamanin**

Graphic Organizer

Iba iba ang sagot base sa babasahin (facts)

**Gawain**

Tama o Mali?

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali

**Karagdagang Gawain**

Isulat Mo!

Iba iba ang sagot base sa babasahin (facts)

**Isaisip**

Paki-Buo Nga!

1. G – Kaunlaran
2. R - Droga
3. G - Kahirapan
4. R - Development
5. B - 12
6. G - Poverty
7. B - Tax
8. R – Tuition Fee
9. G - Highway
10. B –Kantin

**Tayahin**

1. D
2. D
3. B
4. C
5. A
6. B
7. A
8. D
9. D
10. B

# *Sanggunian:*


Aklat:

Julian and Lontoc (2019). Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino (Ikalawang Edisyon). Phoenix Publishing House, Inc.

Mga Pinagkunan ng Larawan:

Gloria Macapagal-Arroyo - On This Day. Kinuha mula sa https://images.app.goo.gl/GSGi3ML3Byg3LCt47

File:Benigno "Noynoy" S. Aquino III.jpg. Kinuha mula sa https://images.app.goo.gl/JKW9S9rnErj3m7kMA

Rodrigo Duterte - Wikipedia. Kinuha mula sa https://images.app.goo.gl/rzRb5SLaQcuKxpUR9